ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

# Pagtatasa't Pagtuon: Isang Pagsisiyasat sa Saloobin Kaugnay sa Paggamit ng Code Switching sa mga Piling Asignatura ng General Education Curriculum (GEC)

Alfredo D. Trinidad*[1], Cynic J. Tenedero[2]
[1, 2] Technological University of the Philippines-Manila, Philippines
*Corresponding Author email: *alfredo_trinidad@tup.edu.ph*

**Received**: 12 June 2023 **Revised**: 18 July 2023 **Accepted**: 23 July 2023

**Available Online**: 24 July 2023

**Volume II (2023), Issue 3, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

***Abstrak***

**Layunin:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na malaman ang kahalagahan ng saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng code switching sa mga piling asignatura ng makabagong General Education Curriculum (GEC), kabilang sa mga ito ang GEC1 (Understanding The Self), GEC2 (Readings in Philippine History), GEC5 (Purposive Communication), at ang GEM14 (The Life and Works of Rizal).
**Metodolohiya:** Ang pag-aaral na ito ay kwantitatib ng gumamit ng pagsusuring palarawan, nang malinaw na makita ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng pagpapalit koda o code switching sa paraan ng pagpapahayag ng kanilang saloobin, antas tersarya ng Technological University of the Philippines-Manila. Kumuha ng siyamnapu (90) kabuuang bilang ng mga mag-aaral na nagmula sa paturuan ng College of Industrial Technology (CIT). Sa pagpili ng mga respondent, ginamit ang ramdom sampling sa mga piling mag-aaral.
**Resulta:** Pangkalahatang saloobin ng paglalahad ng pagsang-ayon o di- pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching, na ang karamihan, 76 o 84.4% ang sumang-ayon, samantalang 14 o 15.5% lamang ang di-sumang-ayon; sa pangkalahatang saloobin ng mga mag-aaral sa pagtanggap sa iba't ibang uri ng code switching, sa mga uri ng code switching nanguna ang Intra word-switching, 35 o 38.38%, at pumanghuli ang Intersential, 12 o 13.33% lamang; sa pangkalahatang saloobin ng mga mag-aaral ukol sa mga piling asignatura na nais gamitan ng code switching, nakararami ang GEC5 (Purposive Communication), 47 o 52.22%, at kakaunti ang sa GEC1 (Understanding The Self), 9 o 10%; at sa pangkalahatang paglalahad ng saloobin ng mga mag-aaral ukol sa positibo at negatibong kadahilanan sa paggamit ng code switching; sa positibo, karamihan ay nagsabi na higit silang nakaunawa, sinundan ng madaling magpaliwanag, mas nagagamit, komportable, at nakaeenganyo kung gamit ang code switching, sa negatibo nanguna ang hindi ito akma pra sa pag-aaral ng asignatura, sinundan na ito ay impormal, nakahihina sa gamit ng wika, nakalilito, at hndi ito pamilyar. Napatunayan sa mga respondents na ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching sa mga piling asignatura sa antas tersarya ay nagpapakita ng kanilang positibong pagtanggap at kinakailangan para sa kanilang pagkatuto.
**Konklusyon:** Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay kailangang mabigyan ng mga kaukulang gawain kaugnay ng paggamit sa mga uri ng code switching upang mapahalagahan ang kanilang saloobin at lalong magamit ang code switching bilang makabagong paraan ng paggamit sa wika sa paraang pasulat at pasalita.

***Susing Salita: :*** saloobin, asignatura, General Education Curriculum (GEC), code switching

## PANIMULA

Ang wika ang pangunahing instrumento sa pakikipagtalastasan. Ang tagapaghatid ng kabatiran o kaalaman sa mas magaan at mabisang paraan. Ang nagsisilbing puhunan na nararapat lamang na pag-ukulan ng pansin at pagpapahalaga para sa higit nitong kapakinabangan.

Kaugnay nito, ang kakayanan ng mga mag-aaral sa paggamit nito ang nararapat na malinang ng mga tagapagturo na naging gamay sa gamit nito. Dito rin nararapat bigyan ng puwang ang saloobin ng mga mag-aaral na syang tuwirang gumagamit nito para sa kanyang kapakinabangan at pagkatuto.

Sa papel ni Qing (2010), iminumungkahi nya na ang code switching ay hindi dapat maging balakid sa pagtuturo ng wika kundi ituring itong isang nakatutulong na istratehiya sa klase. Na may layunin na maging malinaw



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
NBDB NATIONAL BOOK DEVELOPMENT BOARD PHILIPPINES
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
ETCOR REVIEW CENTER
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

at mahusay na maiparating ang kaalaman sa mga mag-aaral. Subalit inaasahan na nararapat na maging mulat at maingat sa paggamit ng code switching, ang labis na paggamit nito sa pagsasalin ay may negatibong impluwensya.

Samantala, sa isinagawang pag-aaral ni Jamshidi et.al., (2013), tinukoy rito ang paggamit ng kinamulatang wika (Persian) sa klase na kung saan itinuturo rin ang Ingles bilang banyagang wika. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang malaman ang epekto ng paggamit ng kinagisnang wika sa klase. At mula sa datos na nalikom sa mga mag-aaral, nakapag-ambag ang pag-aaral na ito sa pagiging epektibo ng paggamit ng kinagisnang wika. Ang paglipat sa paggamit ng kinagisnang wika na pinasimulan ng mga guro o mga mag-aaral ay may hangaring madagdagan ang kahusayan sa pagpaparating ng anumang impormasyon. Lumabas sa pag-aaral na ang paggamit ng mga mag-aaral sa kinagisnan wika ay nagdulot ng higit nilang kagalingan.

Ang maging bukas sa mga pamamaraan o istratehiya pagdating sa paggamit ng wika, ang magamit ang pinakamabisa, magaan at angkop para sa mga mag-aaral para sa higit nilang pagkatuto. Ang umayon ang mga patakarang pangwika sa pangangailangan ng mga guro't mag-aaral pagdating sa makabago at epektibo paggamit ng wika. Kaya nilalayon ng pag-aaral na ito na malaman ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching sa mga piling asgnaturang laan ng bagong kurikulum sa kolehiyo. Ang malaman ang kaangkupan ng paggamit nito sa mga asignatura at ang saloobin ng mga mag-aaral sa patuloy na di namamalayang paggamit nito sa silid-aralan.

Sa konteksto ng Pilipinas, madalas na pinag-aaralan ang code switching sa pagitan ng wikang Filipino at Ingles (Bautista, 2004), higit bilang isang moda ng diskursong gamit sa paaralan (Bernardo, 2005; Borlongan, 2012). Kung kaya't hayagang ipinakikita ng pag-aaral na ito na nariyan ang code switching na gamit ng mga mag-aaral sa mga asignaturang itinuturo sa Filipino at Ingles.

Sa inilabas na memorandum ng Commission on Higher Education (CHED), CMO No.20, series-2013, ang pagbuo ng bagong silabus ng General Education Curriculum (GEC), sa Filipino at Ingles at maituro ito sa parehong wika. Sinundan ng CMO No.8, series-2017 na may parehong layunin na ituro ang bagong GEC sa Filipino at Ingles. Bagama't malinaw na maituturo sa Ingles at Filipino ang mga asignatura ng bagong General Education Curriculum (GEC), hindi naman naging malinaw na pwedeng pagsamahin ang dalawang wika, partikular ang Ingles at Filipino. At dito, malayang nakapasok at nagagamit ang tinatawag na code switching. Dito sinang-ayunan ni Carmelita Abdurahman, komisyoner sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), na walang masama sa code switching para sa epektibong komunikasyon, katanggap-tanggap para sa mga diskusyon sa loob ng silid-aralan, ngunit hindi ibig sabihin na magiging pangunahing paraan ng pagtuturo o medium of instruction. Sinusugan ni Conception Luis, isa rin sa mga komisyoner, ang code switching ay katanggap-tanggap lamang sa mga ordinaryong pag-uusap at hindi sa pang-akademikong mga gawain.

**Layunin ng Pag-Aaral**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na malaman ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching sa mga piling asignatura ng General Education Curriculum (GEC) kabilang dito GEC1 (Understanding The Self), GEC2 (Readings in Philippines History), GEC5 (Purposive Communication), at GEM14 (The Life and Works of Rizal). Sinusuri ng pag-aaral na ito, ang saloobin sa pagtanggap ng paggamit ng code switching sa piling asignatura, ang pagtanggap sa uri ng code switching, ang asignaturang nais gamitan ng code switching, at ang alamin ang positibo at negatibong naging saloobin sa paggamit ng code switching.

Hangarin ng edukasyon na maging bihasa ang mga mag-aaral sa dalawang wika, Ingles at Filipino. Ngunit kung ang wika ang magiging balakid sa pagkatuto, kailangan maging bukas ang mga tagapagturo at sistema ng edukasyon sa mabisa at makabagong paraan sa paggamit ng wika. Ang mabigyan puwang ang saloobin ng mga mag-aaral na makuha ang kanilang saloobin sa paggamit ng code switching sa mga piling asignatura at mabigyan ng kaukulang pagpapahalaga. Ang mga suliranin at balakid na ito ang siyang nagtulak sa mananaliksik tungo sa pag-aaral upang matiyak na makuha ang totoong saloobin ng mga mag-aaral para sa mabisang katugunan ng mga ito sa nararapat na pamamaraan.

**PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay kwantitatib ng gumamit ng pagsusuring palarawan, nang malinaw na makita ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng pagpapalit koda o code switching sa paraan ng pagpapahayag ng kanilang saloobin, antas tersarya ng Technological University of the Philippines-Manila. Sinikap ng mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng masusing paglikom sa mga kasagutan hinggil sa pagpapatibay na may makabuluhang ibubunga ang pag-aaral na ito.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Instrumento at Respondente sa Pananaliksik**

Ang mananaliksik ay gumamit ng instrumentong talatanungan sa paglalahad ng mga saloobin tungkol sa paggamit ng code switching sa antas tersarya, sa mga asignaturang GEC1 (Understanding The Self), GEC2 (Readings in Philippines History), GEC5 (Purposive Communication), at GEM14 (The Life and Works of Rizal).

Ang mga respondent ay mga mag-aaral ay nagmula sa iba't ibang kurso na nasa antas tersarya ng Technological University of the Philippines-Manila. Kumuha ng siyamnapu (90) kabuuang bilang ng mga mag-aaral na nagmula sa paturuan ng College of Industrial Technology (CIT). Sa pagpili ng mga respondent, ginamit ang ramdom sampling sa mga piling mag-aaral.

**PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHALAGA NG MGA DATOS**

Upang lubos na maunawaan ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito, inilahad nang sunud-sunod ang mga detelyadong sumasagot sa mga inilahad na suliranin.

**Paglalahad ng Saloobin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Code Switching sa mga Piling Asignatura sa Antas Tersarya**

Makikita sa mga talahanayan ang saloobin ng mga mag-aaral sa mga sumusunod na kraytirya: pangkalahatang saloobin ng paglalahad ng pagsang-ayon o di pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching; pangkalahatang saloobin ng mga mag-aaral sa pagtanggap sa iba't ibang uri ng code switching; pangkalahatang saloobin ng mga mag-aaral ukol sa mga piling asignatura na nais gamitan ng code switching; at ang pangkalahatang paglalahad ng saloobin ng mga mag-aaral ukol sa positibo at negatibong kadahilanan sa paggamit ng code switching.

Talahanayan Blg.1

**Pangkalahatang Saloobin ng Paglalahad ng Pagsang-ayon o Di Pagsang-ayon ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Code Switching**

| Saloobin | Bilang ng Respondent | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Sang-ayon** | 76 | 84.4% | 1 |
| **Di-sang-ayon** | 14 | 15.6% | 2 |
| **Kabuuan** | 90 | 100% | |

Sa Talahanayan Blg.1, Ang pangkalahatang saloobin ng paglalahad ng pagsang-ayon o di-pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching.Ipinakikita na 76 o 84.4% (ranggo 1) ng mga mag-aaral ang sumasang-ayon sa paggamit ng code switching, samantala, 14 o 15.5% (ranggo 2) lamang ng mga mag-aaral ang di- sumasang-ayon. Mula sa talatanungan, karamihan sa mga respondents na "sumang-ayon", ang code switching ay nakatutulong para mapadali o mapagaan ang mga paksain at talakayan.

Sinang-ayunan ito sa pag-aaral ni Dela Rosa (2016), ang code -switching ay isang katanggap-tanggap ng istratehiya sa mga mag-aaral na nagpapamalas nang higit nilang pag-unawa sa isang paksain o aralin. Na kung saan na ang paaralan na ang pangunahing layunin ay magbigay nang mahusay na edukasyon, marapat lamang na pahintulutan sila na magamit ang mga istratehiyang tulad nito na makakatulong sa higit nilang pagkatuto.Dagdag sa pag aaral ni ni Borlongan (2009) na tumugon sa Tagalog-Ingles code switching na ginagamit ng mga guro at mga mag-aaral sa asignaturang Ingles. Sinuri niya at tinukoy kung gaano kadalas ang paggamit ng code switching, ang mga anyo o uri ng code switching na madalas gamitin ng guro't mag-aaral. Kinakitaan sa pagsusuri ng mga datos, nagpapakita na karamihan sa mga guro't mag-aaral ay madalas na gumagamit ng code switching. Karaniwan, kinakikitaan ang mga mag-aaral ng paggamit nito sa halos buong sesyon ng klase. Sinang-ayunan ng pag-aaral at itinuturing itong taliwas at lumalabag sa patakaran, at naitala ito na kadalasan na nagagamit sa kasanayan ng pagbigkas. Bagama't masasabing makabuluhan ang paggamit ng code switching, nakasalalay pa rin ito sa katangian, hilig o saloobin ng isang partikular o indibidwal.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Website: https://etcor.org
NBDB NATIONAL BOOK DEVELOPMENT BOARD PHILIPPINES
ETCOR REVIEW CENTER
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Talahanayan Blg.2
**Pangkalahatang Saloobin ng mga Mag-aaral sa Pagtanggap sa Iba't Ibang Uri ng Code Switching**

| Mga Uri ng Code Switching | Bilang ng Respondent | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Pagpapalit-Pangungusap (Intersentential)** | 17 | 18.88% | 3 |
| **Pagpapalit-Sugnay (Intrasentential)** | 33 | 36.66% | 2 |
| **Pagpapalit-Pananda (Tag-Switching)** | 40 | 44.44% | 1 |
| **Kabuuan** | 90 | 100% | |

Sa Talahanayan Blg.2, Ang pangkalahatang saloobin ng mga mag-aaral sa pagtanggap sa iba't ibang uri ng code switching, makikita na nangunguna ang Pagpapalit-Pananda (Tag-Switching) na may 40 o 44.44% (ranggo 1), pumangalawa ang Intrasentential na may 33 o 36.66% (ranggo 2), at pumanghuli ang Intersential na may 17 o 18.88% (ranggo 3). Mula sa ilan respondents, higit na madali at madalas nilang gamitin ang "tag switching". Mahirap para sa kanila "intersentential switching" dahil nangangailangan ng buong pangungusap sa pagpapalit-wika.

Talahanayan Blg.3
**Pangkalahatang Saloobin ng mga Mag-aaral Ukol sa mga Piling Asignatura na Nais Gamitan ng Code Switching**

| Mga Piling Asignatura | Bilang ng Respondent | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **GEC1 Pag-unawa sa Sarili (Understanding The Self)** | 9 | 10% | 4 |
| **GEC2 Mga Babasahin sa Kasaysayan ng Pilipinas (Readings in Philippine History)** | 13 | 14.44% | 3 |
| **GEC5 Malayuning Komunikasyon (Purposive Communication)** | 47 | 52.22% | 1 |
| **GEM14 Ang Buhay at mga Akda ni Rizal (The Life and Works of Rizal)** | 21 | 23.33% | 2 |
| **Kabuuan** | 90 | 100% | |

Ipinakikita sa Talahanayan Blg.3, Ang pangkalahatang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching sa mga piling asignatura sa antas tersarya. Makikita sa mga mag-aaral na nais gamitin ang code switching sa mga sumusunod: nanguna ang GEC5 (Purposive Communication), 47 o 52.22% (ranggo 1); pumangalawa ang GEM14 (The Life and Works of Rizal); 21 o 23.33% (ranggo 2); pumangatlo ang GEC2 (Readings in Philippine History), 13 o 14.44% (ranggo 3); at pumanghuli ang GEC1 (Understanding The Self), 9 o 10% (ranggo 4). Mula sa ilan respondents ang nagsabi na ang GEC5 ang nararapat gamitan ng code switching dahil kailangan nilang higit na



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Website: https://etcor.org
NBDB NATIONAL BOOK DEVELOPMENT BOARD PHILIPPINES
ETCOR REVIEW CENTER
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

maunawaan ang paksa at makasali sa talakayan. May respondent na nagsabi na mahirap gamitin ng code switching ang GEC1 sa kadahilanan na ang lahat nilang sanggunian ay nakasulat sa wikang Ingles.

Sa ginawang pag-aaral nina Villanueva, et.al., (2022), ginamit ng mga mananaliksik ang palarawan-kwalitatibong pagsusuri at malalim na panayam (IDI), upang suriin ang naging epekto ng code switching sa mga tagapagturo at mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang ilatag ang mga positibong naging epekto ng code switching sa pagtuturo at pagkatuto. Ang lahat ng ito ay umaayon sa hangarin na mapabuti at maitaas ang kalidad ng kakayahan ng mga guro't mag-aaral. Ang pag-aaral ay itinuon lamang sa kolehiyo upang masuri at mabigyan ng pansin ang mga konsepto at epekto ng code switching sa klase, ang matukoy ang implikasyon nito sa pagbabalangkas ng mga polisiyang pang-wika at sa sining ng pagtuturo. Binibigyan diin na ang code switching ay nangyayari o nagagamit maging sa kolehiyo at hindi lamang nagaganap sa mababang sector ng edukasyon. Na ang code switching sa kolehiyo ay mahalaga at malakas na kasangkapan para sa higit na ikabubuti ng pagtuturo at pagkatuto. Panghuli, ang hikayatin ng mga mananaliksik ang mga guro't mag-aaral na ipagpatuloy ang isang diskursong pangklase alinsunod sa mga hinihingi at tiyak na pamamaraan ng pagkatuto sa wika.

Talahanayan Blg.4

**Pangkalahatang Paglalahad ng Saloobin ng mga Mag-aaral Ukol sa Positibo at Negatibong Kadahilanan sa Paggamit ng Code Switching**

| **Positibo** | Bilang ng Respondent | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Mas Nauunawaan** | 32 | 35.55% | 1 |
| **Madaling Magpaliwanag** | 21 | 23.33% | 2 |
| **Mas Komportable** | 14 | 15.55% | 4 |
| **Mas Gamitin** | 16 | 17.77% | 3 |
| **Nakaeenganyo** | 7 | 7.77% | 5 |
| **Kabuuan** | 90 | 100% | |

Inilalarawan sa Talahanayan Blg.4, Ang pangkalahatang paglalahad ng saloobin ng mga mag-aaral ukol sa positibo at negatibong kadahilanan sa paggamit ng code switching. Matutunghayan na karamihan sa mga positibong tugon ng mga mag-aaral ukol sa paggamit ng code switching, nangunguna ang kadahilanan na: mas nauunawaan, 32 o 35.55% (ranggo 1); sinundan ng: madaling magpaliwanag, 21 o 23.33% (ranggo 2); mas gamitin, 16 o 17.77% (ranggo3); mas komportable, 15.55% (ranggo 4); at pumanghuli, ang nakakaengganyo, 7 o 7.77% (ranggo 5). Ayon sa karamihan, nanguna sa positibo ang "mas nauunawaan" sa kadahilanan na nagagamit nila ang wikang nakasanayan o kinagisnan. "*Sir kapag may codeswitching mas lalong naiintidihan namin ang ideya na naipapahayag ng konteksto,kesa sa paggamit ng purong English sa diskusyon*". Ito ay ayon sa isang tagatugon na positibo ang pananaw sa paggamit ng codeswitching. Ito ay sinang-ayunan ni Valerio (2015), na ang mga mismong gumagamit ng code switching, ang mismong may mga positibong paniniwala sa paggamit nito na sinusuportahan naman ng kanilang mga nananaig na kadahilanan.

| **Negatibo** | Bilang ng Respondent | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Hindi Pamilyar ang Gamit** | 6 | 6.66% | 5 |
| **Nakahihina sa Gamit ng Wika** | 20 | 22.22% | 3 |
| **Impormal** | 22 | 24.44% | 2 |
| **Hindi Akmang Gamitin** | 25 | 27.77% | 1 |
| **Nakalilitong Gamitin** | 17 | 18.88% | 4 |
| **Kabuuan** | 90 | 100% | |

Sa mga tumugon ng negatibo, nangunguna ang kadahilanan na; hindi ito akmang gamitin, 25 o 27.77% (ranggo 1); pumangalawa ang, impormal, 22 o 24.44% ( ranggo 2); sinundan ng, nakahihina sa gamit ng wika, 20 o 22.22% (ranggo 3); nakalilitong gamitin, 17 o 18.88% (ranggo 4); panghuli ang, hindi pamilyar ang gamit, 6 o 6.66% (ranggo 5). Ayon sa ilan respondent, nanguna sa negatibong kadahilanan ang "hindi akmang gamitin" dahil


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Website: https://etcor.org
NBDB NATIONAL BOOK DEVELOPMENT BOARD PHILIPPINES
ETCOR REVIEW CENTER
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

may mga asignaturang kailangan maging bihasa sa isang partikular na wika. Dagdag pa ang pagkalito at impormal na gamit nito. *"Kasi po minsan ang codeswitching di sure kung tama ba ang katumbas na salita o pahayag na ginamit."*

Kaugnay sa kwalitatibo pag-aaral ni Mangila (2018), inalam nya sap ag-aaral ang mga gawi sa wika ng mga guro sa Filipino. Natuklasan mula sa pag-aaral na ang mga guro ay gumagamit ng code switching sa pagtuturo. Ang code switching ay isang karaniwang kasanayan sa wika na ginagamit bilang isang pamamaraan sa pagtuturo para sa layunin pedagogic o palaarawan. ipinapakita sa resulta ng mga nakalap na datos hango sa talatanungan na ang hakbangin sa pagpapalit ng koda o code switching ay isinasagawa upang mapadali ang mga diskurso sa loob ng silid-aralan. Inirerekomenda ng pag-aaral na ito na magsagawa ng katulad na pag-aaral upang makangalap ng sapat na mga datos mula sa interaksyon sa klase sa pamamagitan ng masinsinang obserbasyon upang mapalalim ang pagsisiyasat sa mga kasanayan sa wika ng mga guro. Inirerekomenda rin ang paggamit ng sarbey at panayam upang makakuha ng pananaw mula sa mga guro, ang tipunin ang kanilang mga pananaw at saloobin kung bakit at kailan sila gumagamit ng code switching sa pagtuturo.

## BUOD NG MGA NATUKLASAN, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Inilahad sa bahaging ito, ang lagom ng pag-aaral na isinagawa, mga natuklasan, kongklusyon at rekomendasyon.

### Buod ng mga Natuklasan

Narito ang mahalagang natuklasan sa pag-aaral na ito.

1. Paglalahad ng Saloobin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Code Switching sa mga Piling Asignatura sa Antas Tersarya

1.1 Saloobin ng Paglalahad ng Pagsang-ayon o Di Pagsang-ayon ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Code Switching

Ipinapakita na karamihan sa mga mag-aaral, 76 o 84.4% ang sumasang-ayon sa paggamit ng code switching, samantala, 14 o 15.5% lamang ng mga mag-aaral ang nagpakita ng kanilang di-pagsang-ayon.

1.2 Saloobin ng mga Mag-aaral sa Pagtanggap sa Iba't Ibang Uri ng Code Switching

Batay sa pagtanggap sa iba't ibang uri ng code switching, makikita na nangungunang pinaboran ng mga mag-aaral ang Tag-Switching na may 40 o 44.44%, pumangalawa ang Intrasentential na may 33 o 36.66%, sinundan at pumanghuli ang Intersentential na may 17 o 18.88%.

1.3 Saloobin ng mga Mag-aaral Ukol sa mga Piling Asignatura na Nais Gamitan ng Code Switching

Nakararami sa mga mag-aaral na nais gamitin ang code switching ang asignaturang GEC5 (Purposive Communication), 47 o 52.22%, pumangalawa ang GEM14 (The Life and Works of Rizal); 21 o 23.33%, pumangatlo ang GEC2 (Readings in Philippine History), 13 o 14, at pumanghuli ang GEC1 (Understanding The Self), 9 o 10%.

1.4 Saloobin ng mga Mag-aaral Ukol sa Positibo at Negatibong Kadahilanan sa Paggamit ng Code Switching

Matutunghayan sa karamihan sa mga mag-aaral na may positibong tugon, nangunguna ang kadahilanan na: mas nauunawaan, 32 o 35.55%, sinundan ng madaling magpaliwanag, 21 o 23.33% mas gamitin, 16 o 17.77%, mas komportable, 15.55%, at pumanghuli, ang nakakaengganyo, 7 o 7.77%.

Sa mga tumugon ng negatibo, nangunguna ang kadahilanan na; hindi ito akmang gamitin, 25 o 27.77%, pumangalawa ang, impormal, 22 o 24.44%, sinundan ng, nakahihina sa gamit ng wika, 20 o 22.22%, nakalilitong gamitin, 17 o 18.88%, panghuli ang, hindi pamilyar ang gamit, 6 o 6.66%.

### Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, ang mga sumusunod na kongklusyon ay maibibigay:

1. Nakararami sa mga respondents ay sumasang-ayon na gamitin ang code switching sa mga piling asignatura ng General Education Curriculum (GEC) ng antas tersarya.
2. Sa mga respondents, napatunayan na ang code switching ay isang pamamaraan ng paggamit ng wika na hayagang nagagamit sa mga piling asignatura.
3. Ang walang pagkakaibang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng code switching ay nagpapakita ng kanilang positibong pagtanggap at pangangailangan nito sa kanilang posibleng pagkatuto.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Website: https://etcor.org
NBDB NATIONAL BOOK DEVELOPMENT BOARD PHILIPPINES
ETCOR REVIEW CENTER
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Rekomendasyon**

Mula sa mga natuklasan at mga kongklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay maaaring isaalang-alang:
1. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay kailangang mabigyan ng mga kaukulang gawain kaugnay ng paggamit sa mga uri ng code switching upang mapahalagahan ang kanilang saloobin at lalong magamit ang code switching bilang makabagong paraan ng paggamit sa wika sa paraang pasulat at pasalita.
2. Pag-ibayuhin kung papaano lubusang matatanggap ang code switching na magamit sa sistema ng pagtuturo bilang makabago at umuusbong na paraan ng paggamit ng wika. Ang maiakma ng mga tapagturo sa anumang gawain at aralin ang gamit ng mga uri ng code switching na naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.
3. Pagtuunan ng kaukulang pansin at pagpapahalaga ang saloobin ng mga mag-aaral kaugnay sa makabagong paraan ng paggamit ng wika na naaayon sa kanilang kaligiran at pangangailangan.
4. Ang suportahan ang anumang hakbangin na magbibigay-halaga sa saloobin ng mga mag-aaral para sa kanilang kapakinabangan sa pamamagitan ng mga kaugnay na gawain, mga pag-aaral at pananaliksik.

**SANGGUNIAN**

Agregorio, M. V. (2017). Code Switching sa Pagtuturo ng Filipino, Epektibo nga ba?, Panay News. PressReader.com - Digital Newspaper & Magazine Subscriptions

Bautista, M. L. S. (2004). Tagalog-English code switching as a mode of discourse. *Asia Pacific Education Review*, *5*, 226-233.

Bernardo, A. B. (2005). Bilingual code-switching as a resource for learning and teaching: Alternative reflections on the language and education issue in the Philippines. *Linguistics and language education in the Philippines and beyond: A Festschrift in honor of Ma. Lourdes S. Bautista*, 151-169.

Borlongan, A. M. (2009). Tagalog-English Code-Switching in English Language Classes: Frequency and Forms, Department of English and Applied Linguistics De La Salle University, TESOL Journal Vol. 1, pp. 28-42 ©2009 http://www.tesol journal.com

Borlongan, A.M., Lim, J., & Roxas, R. E. (2012). University students' attitudes towards English-Tagalog code-switching in classroom instruction. *Tesol Journal*, *7*, 70-77.

CMO No. 20, s. 2013 - General Education Curriculum – CHED. 2013. CHED. ched.gov.ph/chedCHED/. Onlayn.

Dela Rosa, R. (2016). Di scourse Matrix in Filipino-English Code Switching: Students' Attitudes and Feelings, i-manager's Journal on English Language Teaching, Vol. 6 ·No. 4·October - December 2016

Jacobson, R.,(1990) Code-Switching as a Worldwide Phenomenon. New York:Peter Lang Publishing, Inc.,

Jamshidi, A. , Navehebrahim, M., (2013) Learners Use of Code Switching in the English as a Foreign Language Classroom, Australian Journal of Basic and Applied Sciences, 7(1): 186-190, 2013 ISSN 1991-8178

Maceda, T., (1996)."Wikang Pambansa; Pagpapalaya kay Bighani" sa Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan. Diliman, Lungsod ng Quezon:University of the Philippines Press,

Mangila, B.B. (2018). Pedagogic code-switching: A case study of the language practices of Filipino teachers in English language classrooms. English Language Teaching Educational Journal (ELTEJ) Vol. 1, No. 3, 2018, pp. 115-133 E-ISSN: 2621-6485

Qing, X.,(2010). To Switch or Not to Switch: Examine the Code-switching Practices of Teachers of Non-English Majors /Canadian Social Science Vol.6 No.4, 2010, pp.109-113 ISSN 1712-8056 www.cscanada.net www.cscanada.org.

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Website: https://etcor.org
NBDB NATIONAL BOOK DEVELOPMENT BOARD PHILIPPINES
ETCOR REVIEW CENTER
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Valerio, M., (2015). Filipino-English code Switching Attitudes and Practices and Their Relationship English Academic Performance Among Freshman Students of Quirino State University. Education, Journal on English Language Teaching.
DOI:10.5430/IJELT.V2N1P76 Corpus ID: 144242570

Villanueva, L., Gamiao, B., (2022). Effects of Code Switching Among College Instructors and Students in a Philippine Classroom Setting, American Journal of Multidisciplinary Research and Innovation (AJMRI) Volume 1 Issue 2, Year 2022 ISSN: 2158-8155 (Online) DOI: https://doi.org/10.54536/ajmri.v1i2.292 https://journals.e-palli.com/home/index.php/ajmr



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!